LUNGSOD NG CALAMBA LAGUNA 1742 2001

# CALAMBALITA


*Maiden Issue, Weekly Edition* *Oktubre 30, 2017 Bilang 3*

## OPLAN KALULUWA, INIHANDA

***"Paggunita sa mga Yumao, Gawing Ligtas at Maayos"***

Sa nalalapit na UNDAS, ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamagitan ng tanggapan ng Public Order and Safety Office POSO sa pamumuno ni Ret. Col. Nestor Dela Cueva, ay magsasagawa ng mga pagbabago ukol sa daloy ng trapiko mula 12:01 ng hatinggabi ng Nobyembre 1, 2017 hanggang ika-12:01 ng sumunod na araw ng Nobyembre 2, 2017:

1. Ang kahabaan ng Chipeco Avenue mula Elepaño 1 hanggang Hatchery (Lecheria) ay isasara sa lahat ng uri ng sasakyan;
2. Chipeco Avenue corner Burgos St., hanggang Elepaño 1 ay mananatiling bukas sa trapiko;
3. Elepaño 1 1st Street ay magiging ONE- WAY ENTRY mula Chipeco Avenue hanggang PNR site at liliko sa kanan palabas sa Rizal St.;
4. Magiging ONE-WAY ENTRY din mula sa panulukan ng WTA hanggang PNR Site patungong "EXIT GATE" ng Holy Family Cemetery;
5. PNR Site mula Rizal St. ay isasara sa lahat ng uri ng sasakyan;
6. KINSVILLE ay isasara sa lahat ng uri ng sasakyan papasok ng Chipeco Avenue;
7. Hatchery (Lecheria) ay isasara sa lahat ng uri ng sasakyan papuntang sementeryo.




**MGA PARADAHAN o PARKING**

1. Barangay 3 – kahabaan ng Mabini St., Elepaño 1 – 1st at 2nd Streets ng Kinsville
2. Lecheria – kahabaan ng Chipeco Aveue mula Halang intersection hanggang Hatchery

**TOWING**

Ang trak na pangbatak ay itatalaga sa Crossing para sa mabilisang aksyon kung kinakailangan.

**FOOT TRAFFIC o DAANG-TAO**

1. Maglalagay ng harang na bakal sa kahabaan ng Chipeco Avenue mula Elepaño 1, 1st Street hanggang Hatchery para sa maayos na pagpasok at paglabas ng mga tao
2. Ang mga NGO's ay itatalaga sa mga piling lugar sa kahabaan ng Chipeco Avenue para sa maayos at payapang daloy ng mga tao

**SERBISYO PUBLIKO**

1. Health Services gaya ng pag monitor ng blood pressure o presyon ng dugo at first aid ay ibibigay ng Tanggapan ng City Health at ng Vice Mayor's Office
2. Libreng inuming tubig ay ipamimigay ng General Services Office at ng Vice Mayor's Office sa mga sumusunod na lugar:
   a. Barangay Hall ng Lecheria
   b. Casa Pilar, Elepaño 1
   c. Rizal Cemetery (2)
   d. Roman Catholic Cemetery
3. Ang Barangay Patrol ng mga Barangay 3 at Lecheria ay magagamit para sa LIBRENG SAKAY ng mga SENIOR CITIZEN at MGA MAY KAPANSANAN (PWD).

Isinasagawa ang paghahandang ito sa atas ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco para sa ikaaayos ng paggunita sa ating mga yumaong mahal sa buhay.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lamang po sa Tanggapan ng POSO sa mga numerong 545-6789 local 8025/ 8026. *(Cecil Canillas / Marivic Balba)*

**NILALAMAN :**


| | |
|---|---|
| Oplan Kaluluwa | 1 |
| Serbisyo Caravan sa Pansol | 2 |
| Pabahay para sa Calambeño | 2 |
| Señior Citizen Gift Giving | 3 |
| CityMall sa Calamba | 3 |
| Kasalang Bayan | 3 |
| Pasko sa Calamba 2017 | 4-5 |
| Paalam Kon. Pepito Casunuran | 6 |
| Day Care Workers Accreditation | 6 |
| 2 Job Fair sa 2 Mall, Isinagawa | 7 |
| ISO 9001:2008 - ISO 9001:2015 | 7 |
| Pagtasa ng Serbisyo Sibil | 7 |

## SERBISYO CARAVAN SA PANSOL

*Mayor Chipeco, Pansamantalang Pinahihinto ang Paggawa ng Resort sa Pansol*



Pansol, Calamba City--Bunga ng napag-alamang sanhi ng pagbaha sa Brgy. Pansol, pansamantalang pinahihinto ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ang mga pagawaing resort sa itaas na bahagi ng nasabing barangay. "Dapat munang isaayos ang kanilang paggawa upang hindi maka perwisyo sa mamamayan lalo na sa panahon ng tag-ulan," pahayag ni Mayor Chipeco noong 18 Oktubre 2017 sa Serbisyo Caravan sa Pansol.

Bilang pangangalaga sa mga taga Pansol na naninirahan sa tabing-ilog, inatasan ni Mayor Chipeco ang City Housing Department na suyurin ang mga direktang apektado ng pagbaha. Aniya, kailangang mailipat ang mga kababayan niya sa Pabahay sa Banlic tulad ng 81 pamilyang nasalanta ng Bagyong Maring noong nakaraang buwan sa Brgy. Parian para na rin sa kanilang kaligtasan.

Sa nasabing Serbisyo Caravan, namigay si Mayor Chipeco ng mga saklay, wheel chairs at nebulizers sa barangay. Nagbigay din ang Engineering Office ng mga poso para sa mga mamayang walang gripo. Namigay din ang Calamba PNP sa pamumuno ni PSupt Sancho Celedio ng mga posas at flashlights upang magamit ng mga barangay tanod sa kanilang pagroronda. Ganundin ay namahagi ang BFP Calamba sa pamumuno ni PSupt Antonio Sobejana IV ng fire extinguisher sa barangay.

Nagpasalamat naman si Brgy Chairwoman Sally "Dadang" Dela Cruz kay Mayor Chipeco sa patuloy na pagdadala nito ng serbisyo sa bawat barangay lalong higit sa kanilang barangay at sa pagtugon sa mga pangangailangang tulad ng pagkakapon ng mga alagang hayop, job fair, check-up ng blood pressure at ECG, libreng gamot, libreng bunot ng ngipin, feeding at pagtuturo ng tamang nutrisyson, mga libreng masahe, gupit at manicure, serbisyo legal at late registration ng mga bata. Mula naman sa D.A., nagkaloob ito ng libreng binhi, komiks na nagtuturo ng tamang paraan ng paggugulayan. Ang tanggapan naman ng Cooperatives and Livelihood ay nagbigay ng mga pagsasanay katulad ng Beads and Crochet Making at consultation sa pagbuo ng kooperatiba.

Ang Serbisyo Caravan ay regular na ginagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa mga barangay upang mas mailapit pa ni Mayor Chipeco ang mga pangunahing serbisyo sa tao. *(Joel Cabactulan)*

## Pabahay para sa mga Calambeco, handog ni Mayor Timmy Chipeco

Ang Tanggapan ng Housing and Settlements sa pamumuno ni Engineer Ronaldo Dela Cruz ay patuloy na nagsasagawa ng Orientation Seminar para sa mga kababayan natin na walang permanenteng tahanan . Ayon kay G. Mariolito Manuel, Housing and Homesite Regulation Officer V, ang mga pamilyang ito ay kalimitang naninirahan sa tabing-ilog at mga tabing-riles o yung tinatawag na dangerous zones. Dumadalo muna sila sa pa-seminar ng tanggapan bago i-endorse sa kanilang mga bahay na matatagpuan sa South Ville 6, proyektong naisagawa sa pamamagitan ng National Housing Authority( NHA) at Calambeño Ville 5, kapwa matatagpuan sa Brgy. Kay-Anlog; at sa Don Jose (NHA) sa Brgy. Banlic. Nito lang buwan ng Oktubre, 15 pamilya ang nabiyayaan ng mga bago at permanenteng bahay.






Samantala, noong nanalasa ang bagyong Maring dito sa Calamba, mahigit sa 80 ang kanilang napagkalooban ng mga bahay sa Don Jose sa Brgy. Banlic. Ang mga ito ay personal na ipinagkaloob ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa isang seremonya noong ika-14 ng Setyembre, 2017 sa 3rd floor lobby ng Pamahalaang Lungsod. *"Kailangang mapangalagaan ang kaligtasan ng bawat mamamayan kaya gagawin ng Pamahalaang Lungsod ang lahat sa abot ng aming makakaya para sa kapakanan ng mga Calambeño"*, pahayag ni Mayor Timmy sa nasabing okasyon. *(Cecil Canillas)*

## SECIOR CITIZEN GIFT GIVING




Makikita sa larawan si Mayor Justin Marc “Timmy” Chipeco habang kinakausap ang mga Senior Citizen bilang paggunita sa Elderly Week na ipinagdiriwang tuwing unang Linggo ng Oktubre. Kabilang sa mga programang ipinagkaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba ang Financial, Medical, Hospitalization, Burial Assistance at iba pang serbisyo para sa mga nakakatanda. Bilang paggunita sa Elderly Week, nagkaroon sila ng mga programa tulad ng malawakang pagpupulong at pagdalaw sa Bahay ni Maria kung saan namahagi ang Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) ng pagkain at pagbigay-aliw sa mga naroroon. Pagkilala sa kakayahan, ambag at paglahok ng nakakatanda sa lipunan ang kanilang tema ngayong taon. *(Jo Busayong)*

## KASALANG BAYAN






Sa mga nagnanais ng libreng kasal makipag-ugnayan sa Mayor’s Office hanapin si Mr. Dick Mendoza sa numerong 545-6789 loc. 8225.
Ang susunod na Kasalang Bayan ay sa Nobyembre 10 at 24 taong kasalukuyan. *(Che Cervantes)*

## CityMall sa Calamba, Bukas Na!

Bubuksan ngayong hapon, Oktubre 30 ang ikawalong mall sa Lungsod ng Calamba, ang CityMall na nasa highway ng Brgy. Lecheria tapat ng Pamana Medical Center. "Ang pagbubukas ng CityMall sa Lungsod ng Calamba ay patuloy na patunay sa kaunlarang ating tinatamasa. Maraming mga Calambeño ang makikinabang hindi lamang sa trabahong maidudulot ng CityMall kundi magiging isa na naman itong magandang venue ng bonding ng pamilya at magkakaibigan," pahayag ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Punong Lungsod ng Calamba.

Mula sa Double Dragon Properties Corporation at SM Investments Corporation, tinaguriang "Everyday Mall of the Future" at "Greenergized" ang CityMall dahil sa paggamit nito ng mga solar panels at rain water collection system sa araw-araw nitong operasyon. Kasabay na bubuksan ang mga tinaguriang flagship stores ng CityMall—Jollibee, Mang Inasal, Chowking, Greenwich, Red Ribbon at Highlands Coffee. Araw-araw nang magbubukas ang naturang mall upang maging lugar kung saan makapaglilibang at makakapag-bonding ang mga Calambeño. *(Noemi Talatala)*



# Pasko sa Calamba 2017, Pinaghahandaan na!

Calamba City, Laguna, - Puspusan na ang paghahanda para sa nalalapit na Pasko sa Calamba 2017 sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller Rizal at Sangguniang Panlungsod at sa pakikipagtulungan ng lahat ng tanggapan ng lungsod, DepEd, Calamba PNP, Calamba BFP, Barangay at mga NGO. May temang "Mensahe mula sa Puso para sa bawat Calambeño: Pag-ibig, Kagalakan at Kapayapaan ngayong Pasko", mas maaga ang pagsisimula ng selibrasyon ngayong taon. Sisimulan ang program sa pamamagitan ng Banal na Misa, kasunod ang natatanging programang inihanda ng DepEd. Isang fireworks display naman ang maghuhudyat sa pag-iilaw ng higanteng Christmas Tree na susundan ng pagbubukas ng Christmas Carnival at Calambuhayan Trade Fair.

Inaanyayahan ni Mayor Timmy ang lahat ng Calambeño na saksihan ang panimulang programa na maghuhudyat sa pagbubukas ng selebrasyon. Ang Christmas Carnival ay handog ni Mayor Timmy sa lahat ng Calambeño upang makapagbigay saya lalo na sa mga kabataan, samantalang ang Calambuhayan Trade Fair ay isa sa mga priority programs ni Mayora Laverne "Lav" Chipeco kung saan makakabili ng mga produktong likha ng Calambuhayan Livelihood program at iba pang mga bilihin sa murang halaga.

Nag aanyaya din si Mayor Timmy Chipeco sa lahat na dumalo sa pagbubukas at pagpapailaw ng mga Giant Christmas tree sa Mercado de Calamba, PALISAM, Pansol, WalterMart Makiling, CUBA, iMall Canlubang at City Plaza. Dito muling matutunghayan ang mga programang hatid ng DepEd Calamba at ang fireworks display.






Magbubukas naman ang Night Food Market sa City Plaza kasbay ng pag-iilaw ng Christmas Tree doon sa 8 Nobyembre. Dito muling matitikman ng mga Calambeño ang mga paboritong pagkain tuwing kapaskuhan gaya ng puto bumbong, bibingka, lugaw, mami at barbeque.

Isa sa mga nakaugalian ng mga Calambeño ay ang maagang pagsalubong ng Bagong Taon na ginaganap sa City Plaza bilang pagtalima ni Mayor Timmy Chipeco sa utos ng DILG na magtalaga ng isang lugar kung saan pwedeng magpaputok ng lusis at fireworks. Masasaksihan din ng mga taga Calamba ang New Year Countdown na pangungunahan ni Mayor Timmy sa December 31.

Magkakaroon din ng gabi-gabing pagtatanghal ang DepEd, NGO's, Barangay, Colleges at Universities at City Government mula Disyembre 11 hanggang 15.

Inihanda ng Calamba ang mga sumusunod na programa para sa mga Calambeño. *(Joel Cabactulan)*

## CALAM

Mas ma
at heart" a
laruan ng
makukulay
ng mga gin
ng Bulwag
lobby ng Ci
*"Gusto k*
*Hall at sa*
*kapayapaa*
Marc "Tim
mag-grouf
page para
butihing m
Maaarin
naman ang
*(Noemi Tala*




## BA CITY HALL, ANIMO'Y WORKSHOP NI SANTA CLAUS NGAYONG PASKO!

liwanag, mas makulay at mas katutuwaan ng mga bata at mga "young ng dekorasyong pamasko sa City Hall ng Calamba dahil nagmistula itong mga elves ni Santa Claus! Makikita ang mga Christmas elves sakay ng na tren, naglalakihang mga regalo, gingerbread houses na binabantayan gerbread men, mga higanteng Christmas wreaths na nakasabit sa bubong an ng Lungsod ng Calamba at dalawang matataas na Christmas tree sa ity Hall.

*ong maging masaya ang bawat bisita at kliyente natin na papasok sa City pamamagitan ng mga dekorasyong ito ay madama nila ang kagalakan, un at pagmamahalaan na siyang diwa ng Kapaskuhan,"* ani Mayor Justin my" Chipeco. "Welcome ang bawat isa na magpa-picture, mag-selfie o ie sa mga Christmas display natin at ipost nila sa kani-kanilang Facebook makita ng lahat kung gaano kasaya ang Pasko sa Calamba," dagdag pa ng ayor.

g makita ang Christmas display sa City Hall araw-araw habang bubuksan g mga ilaw sa City Hall Grounds mula 6 ng gabi hanggang madaling araw

*tala)*





**Paalam, Konsehal Pepito Casunuran (March 2, 1947- October 24, 2017)**

Namaalam na ang dating Konsehal Pepito Erasga Casunuran nagsilbi sa loob ng tatlong termino mula 1998 hanggang 2007 bilang Konsehal ng Bayan ng Calamba. Ang kanyang labi ay ibinurol sa ATDRMAM Pavilion, Landmark Subd., Parian, Calamba City at inilibing noong Oktubre 28, 2017 sa Pulo, Cabuyao.

Bilang Konsehal ng Bayan ay nakapag hain siya ng mahigit sa dalawampung resolusyon na pinakikinabangan hanggang sa ngayon ng ating mga mamamayan. Isa rin siya sa mga naging unang konsehal nang maging lungsod ang Calamba noong 2001.

Taos pusong pakikiramay ang ipinahahatid ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller Rizal at ng Sangguniang Panlungsod sa mga naulilang mga anak at kamag-anak. *(Cecil Canillas)*

## DAY CARE WORKERS AT DAY CARE CENTERS ACCREDITATION, isinagawa sa Calamba

Ang mga Day Care Workers at mga Day Care Centers ng Lungsod ng Calamba sa ilalim ng City Social Services Department ay kasalukuyang sumasailalim sa isang pagsusuri at pagtatasa na isinasagawa ng Regional Office ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa kanilang akreditasyon. Ayon kay Gng. Celina Manabat , pinuno ng tanggapan ang mga day care workers ay aktwal na inoobserbahan sa kanilang pagtuturo at mamarkahan ayon sa kanilang husay at kung paano nila ipinapatupad ang mga ibinigay na panuntunan para sa pag aalaga ng mga munting bata. Kasama ring iniinspeksyon ang mga Day Care Center kung ang mga ito ba ay nakasunod sa itinakdang pamantayan para sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang mga pasadong day care workers at day care centers ay makakatulong para mapataas ang moral ng mga nagtuturo at higit na makuha ang tiwala ng publiko.

Ang Day Care Centers at Day Care Workers na pumasa na ay ang mga sumusunod:

1. Burol
2. Barangay II
3. San Jose
4. Palingon

Susunod naman na susuriin ang:

1. Nov. 6 Putinglupa< Siranglupa, makiling, Majada Out
2. Nov. 7 Manfil, Parian, Masili Barangay IV
3. Nov. 8 Carmel, Villa De Calamba, Brgy. 7
4. Nov. 9 Maunong, Camaligan, Saimsim, Lamesa
5. Nov. 10 Palau paikit, Laguerta, Asia 2, Palo Alto
6. Nov. 13 Batino, Barandal, Prinza, Lawa
7. Nov. 14 MCDC- Canlubang, Real I, Little Star, Real 2
8. Nov. 15 Lingga, Sampiruhan, Bañadero, San Juan
9. Nov. 16 Looc, Brgy. 5, Looc Relocation, Lecheria
10. Nov. 20 Turbina, Asia I, Uwisan, Silangan Village
11. Nov. 21 Mapagong, Ceris III, Mayapa, Hornalan
12. Nov. 22 South Ville I, Kay Anlog, South Ville 2, Ulango
13. Nov. 23 GK I, Majada In, GK2 , Little Angel
14. Nov. 24 Vesta, Calamba Hills, Casmisehos, Bubuyan
15. Nov. 27 Mangumit, Ronggot, Parian 2, Pansol
16. Nov. 28 Sucol, Bagong Kalsada, Brgy. 6, Brgy. V
17. Nov. 29 Paciano Rizal, Banlic, Bunggo, San Cristobal

Ang Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ay umaasa na sa pamamagitan ng mga pagsusuring ito ay lalong mapabuti ang serbisyong inihahatid sa ating mamamayan. *(Marivic Balba)*



## 2 JOB FAIR, ISINAGAWA SA 2 MALL SA CALAMBA

Isinagawa ang dalawang Job Fair sa dalawang magkaibang sangay ng WalterMart sa Lungsod ng Calamba noong nakaraang 20 at 27 ng Oktubre, 2017. Isa sa mga pangunahing programang inihahatid nina Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller H. Rizal at Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng Information, Investments Promotion and Employment Services Officer (IIPESO) sa pangunguna ni Ms. Noemi Talatala, layon ng mga Job Fair na mailapit sa mga Calambeñong naghahanap ng trabaho ang lahat ng kumpanyang naghahanap naman ng mga trabahador.

Noong 20 Oktubre sa WalterMart Real, umabot sa 24 kumpanya ang nakibahagi at mahigit kumulang 300 ang mga naging aplikante. Kabilang sa mga kumpanyang nagsilahok ang Epson Precision Phils. Inc., Denso Phils., Monde MY San, RC Cola at Tinghsing Electronics Phils. Inc. May 48 na mga aplikante ang nagkaroon ng trabaho noon ding araw na iyon o yung mga tinatawag na Hired-On-The-Spot (HOTs), 58 ang For Final Interview (FFI) at 84 naman ang For Exam (FE).

Sa WalterMart Makiling naman ginanap ang sumunod na Job Fair noong Biernes, 27 Oktubre kung saan 29 na local company at 2 overseas company ang nakilahok, kabilang na dito ang Bench, Calamba Medical Center, Coca Cola FEMSA, Leslie Corporation, Suzuki Auto Calamba at Toyo Ink. Halos 300 din ang mga naging aplikante at 64 naman ang mga Hired-On-The-Spot (HOTs). Dahil na rin sa dami ng bakanteng trabaho, nakipag-ugnayan ang IIPESO Calamba City sa mga PESO ng mga sister cities ng Calamba gaya ng Calauan, Nagcarlan, Majayjay, Magdalena at Pila upang makapagpadala din sila ng mga aplikante.



Pinaaalalahanan ang mga aplikante na magdala ng resume, ID picture, ballpen at katunayan ng pinagtapusang kurso o antas ng pag-aaral. Para naman sa mga hindi nakaabot sa Job Fair, maaari silang magsadya sa IIPESO, L/G09, New City Hall Complex mula Lunes hanggang Biernes, 8 hanggang 5 ng hapon para makita ang mga Notice of Vacancies o tingnan ang mga Facebook posts sa page na https://www.facebook.com/cciopeso/, https://www.facebook.com/calambalita/ at http://www.facebook.com/iipeso/. *(Noemi Talatala)*

## ISO 9001:2008 ia-upgrade sa ISO 9001:2015

Ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba ay kasalukuyang nagsasagawa ng mga seminars tungkol sa pagtataas ng antas mula ISO 9001:2008 tungo sa ISO 9001:2015 na Risk Based upang maging mas epektibo ang “quality management system”. Ang Rosehall Management Consultants, Inc. ang nagsagawa ng nasabing seminar at tagapagsalita sina Ms. Ana Mariano, Ms. Au Arboleda at Ms. Weng Domingo.

Ang nasabing ISO Certification ay para lamang sa tatlong taon at kailangang i-upgrade sa bagong standard na may kaukulang mga pagbabago. Ang seminar ay paghahanda para sa Certification Audit na gaganapin sa Marso ng susunod na taon.

Ang ISO Certification ay pinagsumikapang matamo ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba kaugnay sa kagustuhan nitong maging “competitive” sa larangan ng negosyo at local governance.

Ang Calamba ay isa sa iilan lamang sa mga Local Government Units (LGU) na nakamit ang ISO Certification at masasabing tunay na “globally competitive”. “Layunin nating maitaas at maging mas professional ang antas ng local governance sa lungsod kaya’t buo ang suporta natin sa pagsusumikap nating matamo ang mas mataas na ISO Certification,” pahayag ni Mayor Justin Marc “Timmy” Chipeco, Punong Lungsod. *(Cecil Canillas / Kekay Raysa)*

## PAGTASA NG SERBISYO SIBIL SA LUNGSOD NG CALAMBA ISINAGAWA

Nagsagawa ng masusing pagsusuri ang Civil Service Commission (CSC) sa Human Resource Management Office noong Oktubre 23 – 27 , 2017 ukol sa “Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence Human Resources Management “ (PRIME-HRM).

Sa pagsusuring ito , tiningnan ang kakayanan ng HRMO sa pagpapatupad ng mga makabagong patakaran, regulasyon at mga alituntunin na itinakda ng CSC, at kung natutugunan ang mga ito para higit na mapahusay ang kaalaman ng mga kawani ng gobyerno sa pagbibigay ng magaling na serbisyo sa publiko. Pumapaloob sa pagsusuri ang apat na pamantayan ng Tanggapang Pangtauhan; Recruitment, Selection and Placement (RSP) ; Learning and Development (LD) ; Performance Management ; Rewards and Recognition.

Ang isigawang ito ng CSC bilang pagtugon sa CSC Resolution No. 1200241 , Pebrero 1, 2012, na naglalayon na mapaangat ang antas ng serbisyo publiko mula sa PRIME-HRM to Enhanced PRIME-HRM . Kung kaya’t ang ating Tanggapang Pangtauhan ay patuloy ang paggamit ng mga bagong pamamaraan para sa tuloy -tuloy na pag- unlad at mga pagbabago tungo sa mas epektibong paglilingkod sa tulong at suporta ng ating Punong-Lungsod Mayor Justin “Timmy” Chipeco. *(Marivic Balba)*

# CALAMBA CITY HALL TELEPHONE DIRECTORY

## ISANG NUMERO
## 545 - 6789

| | | |
|---|---|---|
| | OPERATOR | 8000 |
| MO | Office of the City Mayor | 8308 |
| ADMIN | City Administrative Office | 8201 |
| VM | Office of the Vice-Mayor | 8211 |
| SP | Office of the Sangguniang Panglungsod | 8314 |
| ABC PRES. | Office of the ABC President | 8310 |
| COUN. CATINDIG | City Councilor | 8327 |
| COUN. MORALES | City Councilor | 8318 |
| COUN. LAJARA | City Councilor | 8319 |
| COUN. ALCASID | City Councilor | 8325 |
| COUN. HERNANDEZ | City Councilor | 8326 |
| COUN. PEREZ | City Councilor | 8321 |
| COUN. A. LAZARO | City Councilor | 8317 |
| COUN. ESPIRIDION | City Councilor | 8324 |
| COUN. J. LAZARO | City Councilor | 8320 |
| COUN. ATIENZA | City Councilor | 8323 |
| | | |
| ACCTG | City Accounting & Internal Control Office | 8203/8204 |
| AGRICULTURE | City Agricultural Services Office | 8007 |
| ASSESSOR | City Assessor | 8108/8109 |
| BAC | Bids and Awards Committee Office | 8327 |
| BPTFO | Business Permits & Tricycle Franchising Office | 8101/8102 |
| BUDGET | City Budget & Management Office | 8206 |
| BUILDING | Building Regulatory Services Office | 8031 |
| CENRO | City Environment & Natural Resources Office | 8218 |
| CNAO | City Nutritionist Office | 8328 |
| COA | Commission on Audit | 8216 |
| COMELEC | Commission on Election | 8017 |
| COOP | Cooperative & Livelihood Development Office | 8019 |
| CPDO | City Planning & Development Office | 8209/8210 |
| CSSYDO | City Social Services & Youth Development Office | 8120/8225 |
| CTC | City Trial Court | 8010 |
| DILG | Dept. of Interior and Local Government | 8224 |
| E-CENTER | | 8005 |
| ENGINEERING | City Engineering Services Office | 8212/8214 |
| GSO | City General Services Office | 8006/8007 |
| HEALTH | City Health Office | 8018 |
| HOUSING | Housing & Settlement Dept. | 8021 |
| HRMO | City Human Resources Management Office | 8220 |
| IIPESO | Information, Investment Promotions and Employment Office | 8011/8012 |
| LANDBANK | Landbank of the Philippines | 8022 |
| LCR | City Civil Registrar | 8110/8117 |
| LEGAL | City Legal Office | 8222 |
| MOTORPOOL | City Motorpool | 8400 |
| OSCA | Office of the Senior Citizens Association | 8119 |
| PAO | Public Affairs Office | 8331 |
| POPCOM | | 8329 |
| POSO | Public Order and Safety Office | 8025/8026 |
| PROSECUTOR | City Prosecutor Office | 8029 |
| TREASURY | City Treasury and Management Office | 8111/8112 |
| TOURISM | Cultural Affairs, Sports and Tourism Dept. | 8232 |
| VET | City Veterinary Services & Slaughterhouse Management Office | 8004 |


EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,**
**MOISES ALCASABAS, ANALIZA CERVANTES,**
**JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**


**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**MONTE OPULENCIA**
Photographer


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba


ISANG NUMERO
545 - 6789


https://www.facebook.com/Ccriolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

